


# Arts

## Ikatlong Markahan – Modyul 1: Dibuho Ko, Limbag ko



**Arts – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 1: Dibuho Ko, Limbag Ko  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jonah M. Tulin  
**Editor:** Eden Lynne V. Lopez, Mariel A. Alla  
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon  
**Tagaguhit:** Roel G. Cala, Eric T. Hingabay  
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez, Edsel D. Doctama  
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma  
Arnulfo M. Balane  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Nova P. Jorge  
Raul D. Agban  
Lorelei B. Masias  
Josemilo P. Ruiz  
Shirley L. Godoy  
Eva D. Divino  
Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
Telefax: (053) 832-2997  
E-mail Address: region8@deped.gov

**5**

# **Arts**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:  
Dibuho Ko, Limbag Ko**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang paglilimbag ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isangkinulayangbagay.

Ito'y maaring isagawa sa pamagitan ng iba't ibang bagay na matatatagpuan natin sa paligid at pamayanan halimbawa ang *linoleum, softwood, rubber (soles of shoes)*.

Ang paglilimbag ay isang sining naibinagi ng mga banyaga sa mga sinaunang Pilipino. Sa kasalukuyan, may mga bagong pamamaraan ng paglilimbag gamit ang mga bagay tulad ng linoleum, softwood, rubber (soles of shoes) upang makalikha ng iba'tibang linya, tekstura, dibuho at mga imahe.

Sa modyulnaito, maitatalakay nating gamit ang iba'tibang makabagong paraan ng paglilimbaggamit ang mgabagay tulad ng linoleum, softwood, rubber (A5EL-IIIb) at inaasahang makamit ang mga sumusunod na mga layunin:

1. natatalakay ang bagong pamamaraan sa paglilimbag gamit ang mga bagay tulad ng linoleum, softwood, rubber (used soles of shoes) upang mai ukit ang mga linya, tekstura, dibuho at mga imahe sa paglilimbag.
2. nakalilimbag ng disenyo gamit ang alin man sa mga bagay tulad ng linoleum, softwood o rubber (soles of shoes) upang maka likha ng kayarian mula sa mga bagay na ginamit.
3. naipagmamalaki ang bagong pamamaraan ng paglilimbag gamit ang iba'tibang bagay.



## Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga pangugusap sa ibaba. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Alin dito sa tingin mo ang gawa sa linoleum?.



2. Alin sa sumusunod na kagamitan ang maaring gamiti ng panlimbag?

A. bakal                      B. dahon                      C. copier machine

3. Alin sa mga patapong mga bagay katulad ng mga binabanggit sa ilalim ang maaaring gamiting panglimbag?

A. bato                      B. brochure                      C. sirang radio

4. Ano sa mga nabanggit na pagpipiliang kagamitan ang ginagamit sa paglilimbag?

A. crayon                      B. pintura                      C. marker

5. Ano sa iyong palagay ang nagagawa ng paglilimbag na hindi nagagawa ng pagguguhit, pagpipinta o paglililok?


A. paggawa ng orihinal na gawa  
B. paggawa ng makabuluhang mensahe  
C. paggawa ng maraming kopya

## Aralin

# 1

## Dibuho Ko, Limbag Ko

Ang paglilimbag ay isang sining na naibinahagi ng *mga banyaga* sa mga sinaunang Pilipino. Sa kasalukuyan may mga bagong pamamaraan ng paglilimbag gamit ang mga bagay tulad ng linoleum, softwood, rubber (soles of shoes) upang makalikha ng iba't-ibang linya at tekstura.



### ***Balikan***

Natatandaan mo pa ba ang iba'tibang katangian ng linya? Ang linya ay bahagi ng lahat ng mga malikhaing sining. Sa pamamagitan ng malikhaing kaisipan ay makagagawa ka ng iba'tibang uri ng linya na makapagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa iyong likhang-sining. Makilala mo pa ba ang iba't ibang katangian ng linya?

Anong katangian ng linya ang ipinakita sa Hanay A? Piliin sa Hanay B ang sagot at isulat ang titik sa sagutang papel.

Hanay A

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

Hanay B

- a. Liku-liko (zigzag or wavy)
- b. manipis
- c. makapal
- d. Paikot-ikot (spiral)
- e. Pakurba (curve)



## Tuklasin

**Panuto:** Pagmasdan ang larawan sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



(Cala, n.d.)

Mga Tanong:

1. Ano ang nakita mo sa mga larawan?

---

2. Gusto mo bang gumawa ng ganito? Bakit?

---

3. Paano kaya gawin ang mga ito?

---

Iyan ang tatalakayin natin sa modyul na ito.






## Suriin

Ang paglilimbag ay isang uri ng sining na nagpapakita ng kakayahan ng isang tao sa paggamit ng iba'tibang bagay. Kadalasan ang paglilimbag ay nagpapakita ng dibuho. Maraming uri ang paglilimbag tulad ng paglilimbag sa pisi, paglilimbag sa mgad ahon, sa pamamagitan ng bloke (block printing) na ang ginagamit ay patatas, kamote o kalabasa. Kung minsan ipinakikita sa paglilimbag ay titik o salita lamang. Mayroon ding isang uri ng paglilimbag na ang ginagamit ay dahon, aso at langis – mga di-pangkaraniwang bagay na hindi mo akalaing magagamit sa sining. Lahat ng uri ng paglilimbag ay ginagawang paulit-ulit.



(Hingabay 2020)



(Hingabay 2020)

Ang paglilimbag ay isang sining na ginawa noon pa man ng mga Pilipino. Sa kasalukuyan may mga bagong pamamaraan ng paglilimbag gamit ang mga bagay tulad ng linoleum, softwood, rubber (soles of shoes) upang makalikha ng iba't ibang linya, tekstura, dibuho o mga imahe.



(Hingabay 2020)



(Hingabay 2020)

Ang paglilimbag ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Ito'y maaaring isagawa sa pamamagitan ng iba'tibang bagay na matatagpuan natin sa paligid at pamayanan halimbawa ang linoleum, softwood, rubber (soles of shoes).

Ang espasyo ay isa ring elemento ng sining ay may distansiya o agwat sa pagitan ng bawat bagay sa isang likha ng sining. Para sa isang pintor, ang anyo ng mabubuo ng espasyo ay kasing halaga rin ng hugis ng mga bagay na kaniyang ginuhit. Sa mga bahay at gusali, maging sa sining ay may positibo at negatibong espasyo. Ang positibong espasyo ay isang lugar na may laman. Ang negatibong espasyo ay isang lugar na walang laman.




Ang space ay ang distansya, palibot, loob at labas ng mga bagay o imahe. Maari itong 2D (two-dimensional katulad ng drawing, painting, print, o cut-out) o 3D (three-dimensional katulad ng aktuwal na silya).

**2D Space**


Ito ay nagagawa sa papamagitan ng pagguhit, pagpinta at paglimbag. Ang mga imahe mula sa mga ito ay isa lamang illusion.

Sa paglimbag, ang positive space ay ang naiwan na mga imahe sa ibabaw ng ginamit na matrix. Ang matrix ay ang bahagi ng isang kagamitan kung saan nagagawa ang mga orihinal na disenyo o mga imahe ng disenyo. Samantalang ang negative space ay ang mga tinanggal na bahagi sa matrix na hindi malalagyan ng tinta o pintura.


Sa paglilimbag, maaari tayong gumamit ng iba'tibang linya at tekstura tulad ng:




ribbed




fluted



woven



carved



## Pagyamanin

**Gawain 1:** Pagmasdan at talakayin natin


**Panuto:** Sa ibaba ay mga halimbawang larawan gamit ang paglilimbag. Pagmasdan ito at sagutin ang mga sumusunod na mga tanong at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

a.



(Cala n.d.)

b.



(Cala n.d.)

c.



(Cala n.d.)

1. Ano-anong uri ng materyal ang ginamit sa ipinakitang larawan?

Larawan A: \_\_\_\_\_

Larawan B: \_\_\_\_\_

Larawan C: \_\_\_\_\_

2. Isa ayos sa wastong pagkakasunod-sunod ang mga hakbang sa paggawa ng bagong pamamaraan sa paglilimbag sa pamamagitan ng pagsulat ng numero (1-6). Italakay ito sa pamamagitan ng pagsulat ng hakbang sa paggawa. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

\_\_\_ a. Lumikha ng magandang disenyo sa pamamagitan ng mga bakas na nasa kagamitan.

\_\_\_ b. Kung ang gagamitin naman ay soft wood, umukit ng magandang larawan sa malambot nakahoy at pagkatapos ay pintahan at iwanan ang bakas sa malinis na papel.

\_\_\_ c. Ihanda ang mga kagamitan na gagamitin sa isasagawang paglilimbag na nakalap sa inyong tahanan.

- \_\_\_d. Gayundin ilahad ang kagamitang papel na gagamitin, water paint o water color, brush.
- \_\_\_e. Upang lalong maging kaakit-akit ang iyong gagawin ay paganahin ang inyong imahinasyon sa paglilimbag sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas.
- \_\_\_f. Kulayan ang mga bagay sa may bakas nabahagi na ipinadala ng guro at pagkatapos ay ilapat ito sa oslo paper kung ito ay di gaanong basa ang pagkapinta o kulay.

**Gawain 2.** Kung kaya nila! Kaya ko rin!

Maglimbag ng disenyo gamit ang alin man sa mga bagay tulad ng lapis, cutter, linoleum, softwood, rubber (sole of shoes), pintura, bond paper, dyaryo, brush at lapis. Sundin ang mga sumusunod na hakbang:

Pamamaraan:

1. Iguhit ang disenyo sa pamamagitan ng lapis.
2. Maglagay ng lumang dyaryo sa ilalim ng papel bilang sapin sa mesang paggagawaan.
3. Lumikha ng tekstura o linya sa tsinelas gamit ang cutter. (Mag-ingat sa paggamit ng cutter).
4. Pintahan ng kulay ang inukitna rubber gamit ang isinawsaw na brush sa watercolor at idiin ito sa disenyong ginawa. Kung gagamit ng watercolor, maghalo lamang ng kaunting tubig. Gumamit ng diswashing sponge upang isawsaw sa pintura at mailagay ng pantay ang pintura sa inukit na dibuho sa rubber. Siguruhin na hindi na tuyo ang pintura sa inukit na rubber bago ilagay ang papel sa ibabaw nito.
5. Idiin ang kamay sa papel upang masiguro na kumapit ang pintura sa papel.
6. Tanggalin ng unti-unti ang papel nang pahilig (diagonal).
7. Patuyuhin.
8. Linisin ang mesa pagkatapos ng gawain.
9. Ipaskil ang mga inilimbag na disenyo.

**Gawain 3.** Kapag may Likhang Sining, Ipagmalaki mo!

Basahing mabuti ang mga sumusunod na mga pangungusap. Lagyan ng puso(♡) ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamalaki ng makabagong pamamaraan ng paglilimbag at malungkot na mukha (☹) kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang likhang sining ay ibinabahagi sa mga kapatid sa mga magulang sa bahay.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mga dahon, gulay at prutas ay ipunin at gamitin para makalikha ng malikhaing disenyo sa paglilimbag.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang ginawang likha ng sining ay ilagay sa loob ng kahon.

- \_\_\_\_\_ 4. Gamit ang cellphone ay kunan ng larawan ang likhang sining at ibinabahagi ito sa social media.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang nilimbag na nasa papel ay maaaring gamitin pampunas ng mga maruruming bagay sa mesa.



## **Isaisip**

Punan ng mgasalita ang sumusunod upang mabuo ang kaisipan. Isulat ang sagot sa nakalaan na patlang.

Ang natutunan ko sa araling ito ay \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

Ang paglilimbag ay ang \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

Mabibigyang halaga ang ating likhang sining sa pamamagitan ng

\_\_\_\_\_.



## **Isagawa**

Maglimbag ng disenyo gamit ang alin man sa mga bagay tulad ng linoleum, softwood o rubber (soles of shoes). Sundin ang mga sumusunod na pamamaraan. Sumangguni sa Rubriks na makikita sa susunod na pahina para sa kaukulang puntos.

Mga hakbang sa paggawa:

1. Ihanda ang lahat ng mga kinakailangan sa paggawa.
2. Gamit ang sketch na ibinalangkas mo, ilapat ito sa kahoy o linoleum.
3. Tiyaking angkop at wasto ang paglalapat ng balangkas upang matiyak na buo ang disenyo ng nais na mabuo.
4. Gumamit ng matulis na bagay sa pagdisenyo.
5. Lapatan ito ng angkop na kulay sa pamamagitan ng paggamit ng dishwashing sponge upang pantay na mailagay sa inukit na disenyo ng panglimbag.
6. Iwasang matuyo ang pintura at ilagay agad ang papel sa ibabaw ng inukit na disenyo.
7. Idiin ang kamay upang masigurong kumapit ang pintura sa papel.
8. Unti-unting tanggalin ang papel nang pahilig o diagonal.
9. Gawin ito nang may pag-iingat at sa malikhaing pamamaraan.



## Tayahin

- a. Italakay ang bagong pamamaraan sa paglilimbag gamit ang mga bagay tulad ng linoleum upang maiukit ang mga linya, tekstura, dibuho o imahe sa paglilimbag. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

- b. RUBRIKS PARA SA ISAGAWA

KASANAYAN	Nakagawa ng higit sa inaasahan (3)	Nakagawa ng maayos (2)	Nakagawa ng may kaunting pagkukulang (1)
1. Nakapaglambag ako ng mga disenyo gamit ang mga bagay sa aking paligid			
2. Nakagawa ako ng malinis at maayos ng likhang sining			
3. Nakatapos ako ng Gawain sa inaasahang oras			
4. Naging malikhain ako sa pagsasagawa ng disenyo			
5. Naipakita ko ang malikhaing disenyo sa aking likhang sining			





## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng bookmark gamit ang disenyong cardboard painting.

Mga Kagamitan: Cardboard, lapis, gunting, ribbon o yarn at watercolor o anumang pangkulay na mayroon sa bahay

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Maghanda ng dalawang 4x8 pulgada ng cardboard para gawing bookmark.
2. Magsaliksik ng mga makasaysayang lugar na naitatagang Heritage Site sa inyong lugar.
3. Gumamit ng protective gear upang hindi malanghap ang pintura.  
Hindi na kailangan ng mask kung watercolor o poster color ang gagamitin.
4. Ipinta ang napiling Heritage Site sa isang cardboard. Siguraduhing may harmony ang kumbinasyon ng mga kulay na gagamitin.
5. Pagkatapos magpinta ilapat ito sa isa pang cardboard at patuyuin ito.
6. Butasan ang gawing itaas ang cardboard at lagyan ng ribbon o yarn.
7. Iligpit ang mga kalat at itago ang mga gamit pagkatapos ng gawain.
8. Suriin ang inyong likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik.






### RUBRIK SA PAGGAWA NG BOOKMARK GAMIT ANG CARDBOARD PAINTING

Mga Sukatan	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (5)	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (3)	Hindi nakasunod sa pamantayan (2)
1.Nakilala ang iba' ibang likas at makasaysayang pook na itinatalagang heritage site sa inyong lugar			
2.Nakapagpipinta ng mga iba'tibang likas at makasaysayang pook na itinatalagang heritage site.			
3.Nakasunod nang tama sa mga hakbang sa paggawa ng likhang-sining			
4.Nakakikitaan ng harmony ang likha ng sining sa tamang pagkakaayos ng mga kulay, linya, at hugis.			



## Susi sa Pagwawasto

**Gawain 3**

1.  2.  3.  4.  5. 

**Isagawa**  
SumanggunisaRubriks

**Tayahin**  
1. Part I Depend sa tugon ng mag-aaral

**Subukin**  
1. A 2. B 3. B 4. A 5. C

**Balikan**  
1. B 2. A 3. C 4. E 5. D

**Tuklasin**  
Depende sa tugon ng mag-aaral

**Gawain 1**  
1. a. soft wood b. linoleum  
c. dahoon d. tapakan ng sapatos

2. 3, 4, 1, 2, 5, 6

**Gawain 2**  
Dependesa output ng mag-aaral



## ***Sanggunian***

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, p 137 – 139

Valdecantos, Emelita. *Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, p 128 – 129

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)